**IKAAPAT NA MARKAHANG PAGSUSULIT**
**MAKABANSA 7**
**Inihanda ni: Glen L. Galicha**

**Pangalan:** ______________________________ **Iskor:** ______/70______
**Baitang at Pangkat:** ______________________________ **Petsa:** ______________

**MAHALAGANG PAALALA: Ang Pagsunod sa mga Instruksiyon ay bahagi ng pagsusulit. Ang hindi pagsunod sa Instruksiyon ay makababawas ng limang (5) puntos sa kabuang puntos.**

**I. Identipikasyon: Alamin ang salitang tinutukoy ng bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang.**

_______________ 1. Uri ng ideolohiya na tumutukoy sa pag-alis ng mga pribadong ari-arian upang makamit ang pagkakapantay-pantay

_______________ 2. Ito ay ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at pagbaba ng halaga ng salapi

_______________ 3. Uri ng pamahalaan na kung saan ang isang bansa ay pinamumunuan ng isa o maliit na pangkat ng mga tao.

_______________ 4. Tumutukoy sa isang bansa na hindi maaaring sakupin at hindi maaaring umanib sa isa o dalawang bansa dahil maaari itong magsanhi ng kaguluhan.

_______________ 5. Mga pangkat-etnikong muslim na naninirahan sa bansang Myanmar ng ilan-daang taon at nakaranas ng diskriminasyon noong panahon ng panunungkulan ni Aung San Suu Kyi

_______________ 6. Sa bansang ito naganap ang kumperensiya ng Bandung

_______________ 7. Mga taong lumikas ng bansang Vietnam na sakay ng barko/bangka upang makaiwas sa kaguluhan.

_______________ 8. Pangkat ng mga gerilya na tinatag ni Norodom Sihanouk habang ito ay nasa Tsina.

_______________ 9. Ang pangyayaring ito ay pinamunuan ni Suharto upang mapabagsak ang pamumuno ni Sukarno.

_______________ 10. Kalipunan ng mga batas na nakaayon sa Koran

**II. Isulat ang buong akronym sa bawat bilang.**

11. BSPP- ______________________________
12. ASEAN- ______________________________
13. WTO- ______________________________
14. SEATO- ______________________________
15. MNC - ______________________________

**III. Alamin kung sinong pinuno ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang sagot patlang.**

____________________16. Sultan ng Brunei na nakilala sa pagbuo ng Shariah Law, Pagkakaroon ng Rolls Royce na gawa sa ginto(fairings), at paglagda sa Rainforest declaration.


LIVEWORKSHEETS

______________________________17. Siya ang heneral na nanguna at namuno sa Khmer Rouge.

______________________________18. Siya ang naging kahalili ni Sukarno bilang pinuno ng Indonesia

______________________________19. Ang pinuno ng Singapore na kilala sa paggamit ng kamay na bakal at nanguna sa bansa sa pag-unlad sa loob 30 taon.

______________________________20. Ang namuno sa pamahalaang militar ng Myanmar

**IV. Enumerasyon: Punan ng wastong sagot ang hinihingi ng bawat bilang.**
**A. Mga estadong kasama sa pederasyon ng Malaya**

**21.**______________________________________________________

**22.**______________________________________________________

**23.**______________________________________________________

**B Mga bansang naging kasapi ng ASEAN matapos ang kumperensiya ng Bandung**

**21.**______________________________________________________

**22.**______________________________________________________

**23.**______________________________________________________

**C. Mga Hamon sa Pagkabansa ng Pilipinas matapos makamit ang kasarinlan**

**28.**______________________________________________________

**29.**______________________________________________________

**30.**______________________________________________________

**IV. Picture Analysis: Suriing mabuti ang mga larawan sa bawat aytem at ilarawan ang ipinahihiwatig ng mga ito. Ipaliwanag ang iyong sagot sa loob ng 2-3 pangungusap.**




**31-32.**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________.




**33-34.**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________.



LIVEWORKSHEETS



**36-38.**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________.



**35-36.**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________.



**39-40.**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________.

**V. Pagguhit: Gumuhit ng isang poster na nagpapakita ng kahalagahan ng pagtamo ng Demokrasya ng isang bansa. Ipaliwanag ang iginuhit na poster sa loob ng 3-5 pangungusap (41-50)**

**Rubrics:**

| **Pamantayan** | **Mahusay** | **Katamtaman** | **Nangangailangan ng Pagpapabuti** |
|---|---|---|---|
| **Nilalaman (5 puntos)** | Ang ilustrasyon ay angkop sa paksa | Ang ilustrasyon ay lihis sa paksa | Ang ilustrasyon ay hindi angkop sa paksa |
| **Ilustrasyon (5 puntos)** | Kumpleto, orihinal,at malinis ang gawa | Kumpleto, orihinal,at hindi malinis ang gawa | Kulang ng detalye, hindi orihinal,at hindi malinis ang gawa |
| **Mensahe (5 puntos)** | Madaling maunawaan at madaling bigyang kahulugan ang larawan | Hindi gaano madaling maunawaan at bigyang kahulugan ang larawan | Hindi madaling maunawaan at bigyang kahulugan ang larawan |
| **Kabuuhan** | 10 puntos | | |



LIVEWORKSHEETS

**Paliwanag (5 puntos):**

**VI. Sanaysay: Sa loob ng 3 pangungusap, Sagutan ang mga sumusunod na katanungan.**

51-54. Ang konsepto ng komunismo ay naglalayong pagkakapantay-pantay ng mga tao. Sa iyong palagay, bakit ito nais puksain ng mga kanluraning bansa tulad ng Amerika at ng ating bansa?

55-58. Kung ikaw ay mamamayan ng isang bansa na nasa ilalim ng pamahalaang diktaduryal, ikaw ba ay gagawa na mga hakbang upang makamit ang demokrasya? Kung oo, ano ang mga hakbanging ito. Kung hindi, anong mga pagbabago ang iyong nanaisin?

59-62. Isa sa mga isyung nakapaloob sa ating bansa ay ang pag-aresto ng ICC o international Crime Court kay dating pangulong Duterte. Sang-ayon ka ba rito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

63-66. Ang prime minister ng Cambodia ay hinatulan ng kamatayan dahil sa mga violation sa karapatang pantao. Maituturing ba na makatao ang parusang kamatayan sa mga taong nagkasala sa batas? Ipaliwanag ang iyong sagot.

67-70. Si Lee Kuan Yew ay gumamit ng paraang "kamay na bakal" upang disiplinahin ang mga mamamayan ng Singapore. Ikaw ba ay sang-ayon sa ganitong uri ng pamamahala? Ipaliwanag ang iyong sagot.

***Wakas ng Pagsusulit***



LIVEWORKSHEETS